




# Pagtitipong Pang-Kapayapaan, isang makasaysayang pangyayari sa Camarines Norte

## Nasa Loob


Go Healthy! p2
Annual Budget sa 2015 p2
Summer job of students, malapit na! p2
Pasasalamat para sa Contributors for Peace p3
Mensahe ni Gob. Egay para sa Pagtitipong Pang-Kapayapaan p4
Mga Piling Larawan p5
Bilanggo maaaring mabawasan araw sa selda dahil sa GCTA p6
Nanalo sa 5th Light a Tree, Hall of Fame na. p7


**2015 Annual Budget**

**Nakasentro tungo sa 'Paggugol na Matuwid, Kaunlaran Para sa Lahat',**

**Basahin sa pahina 2**


Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran

# Bantayog

Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

TAON 5, BLG. 9 DAET, CAMARINES NORTE ENERO, 2015
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com


Matagumpay na naisagawa ang paglagda sa *Memorandum of Understanding (MOU) for Declaration of Camarines Norte as a Peaceful Province* sa pagitan ng *Armed Forces of the Philippines (AFP)* at Pamahalaang Panlalawigan noong Enero 21, 2015 sa *Agro-Sports Center* sa ilalim ng programang *Peoples' Convergence towards Peace and Development.*

Lalong pinalakas ang pagkilos para tumibay ang kapayapaan sa Camarines Norte sa pamagitan ng paglagda sa nasabing dokumento na nilagdaan nina *Major General* Depayso ng AFP at Gov. Edgardo A. Tallado.

Sa mensahe ng gobernador ay sinabi niya na "kung mayroong masaya ngayong araw na ito ay ako po yun. Salamat sa deklarasyon at assesment ng Philippine Army at PNP na ang Camarines Norte ay isa sa matahimik ng probinsiya sa Buong Pilipinas.

Sa ilalim ng *MOU*, tungkulin ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte na magpatupad ng mga *socio-economic programs* para maresolba ang ugat na dahilan ng insurhensya kasama na ang pagtatayo ng *local integration desk* para mahikayat ang natitirang *insurgents* na magbalik-loob sa pamahalaan, at ang pagbibigay ng *livelihood assistance* sa mga dating rebelde.

Kabilang sa responsibilidad ng hanay ng *9Ist Infantry Division ng Philippine Armyn* ang pagsuporta sa imple-

*(Sundan sa pahina 3)*

# Unang hirit sa 2015 ni Gob. Egay, nagpapakita ng isang matatag na liderato

Ika- 5 ng Enero, *1st working day* ng 2015 ay dumalo sa flag *raising ceremony* sa Provincial Capitol si Gob. Edgar-do A. Tallado at matapos ito ay tinawag sa harapan ang lahat ng mga hepe ng tanggapan at nagbigay ng mensahe at direktiba sa kanila at sa lahat ng kawani ng pamahalaang panlalawigan.

Nagpasalamat si Gob. Tallado sa suporta ng mga hepe at kawani sa kanyang administrasyon sa nakalipas na 2014. "Ngayong 2015 ay tatahak na tayo sa panibagong taon para sa ating lalawigan. Muli akong nakikiusap sa inyong suporta at dedikasyon sa aking administrasyon. Kung marami tayong nagawa at marami kayong sakripisyo nitong nakaraang taon, muli ko itong inaasahan mula sa inyo at ako naman bilang inyong chief executive, gagawin ko ang lahat para sa Camarines Norte. Marami tayong programa ngayong taon at nakapila na iyan. Siguro naman kayo ay nakapagpahinga na at handing-handa nang sumabak ngayong 2015, sabi ni Gob. Tallado.

Nagbigay paalala din siya sa lahat sa tamang oras ng pagpasok at pagsusuot ng uniporme.

Dahil sa nalalapit na 2016 election, ang kanyang tagubilin sa mga kawani na hayaan na silang mga pulitiko ang mag-away-away at huwag nang makisali ang mga empleyadado. Hiniling niya sa mga ito na ituon lamang ang isip sa kanilang mga trabaho at huwag nang sumali sa pulitika. " Kaming mga puliko come and go pero kayo na maiiwan dito ay dapat nasa puso niyo ang pagtratrabaho. Hindi ko kayo pinagsasabihan kung sino ang inyong susuportahan o bobotohan, ang pakiusap ko lang ay gawin ninyo ang inyong trabaho, dagdag

*(Sundan sa pahina 6)*

# Pagiging peaceful province ng Cam.Norte,nilinaw sa Press Con

Kung dati ang lakas ng New People's Army (NPA) dito sa Camarines Norte ay mahigit isang daan, ngayon base sa *recovered documents from NPA in Cam Norte* 30 na lang sila. at dalawang insidente lamang ang naitalang sagupaan sa pagitan ng mga rebelde at militar at dahil dito, idineklara ang lalawigan na "**generally peaceful province.**"

Ito ang ipinayahag ni Major Gen. Ricardo Visaya, kumander ng SOLCOM,sa ginanap na press conference kasunod ng programang "*People's* ***Convergence Towards Peace and Development.***" noong Enero 21, 2015 sa Camarines Norte Agro-Sports Center

Ang nasabing press conference sa Little Theater ay nagbigay linaw kung bakit idineklara ng AFP na peaceful province ang Camarines Norte.

Ang mga katanungan ng media na may kaugnayan sa usaping pangkapayapaan sa Camarines Norte ay malinaw at deretsong sinagot nina Major General Visaya, Major General Yerson Depayso at Colonel Amador T. Tabuga Jr.

Nabatid mula sa kanila na ang basehan

*(Sundan sa pahina 3)*

**Summer Job of Students, malapit na**

Sa pahina 2

# GO HEALTHY!



Pinangunahan ni Board Member Renee Herrera, *SP Chairperson on Committee on Health* at ni Dr. Gloria J. Balboa *DOH Regional Director*na ang paglagda sa Pledge of Commitment na nagsasaad ng pagsuporta sa programang Pilipinas Go 4 Health para sa matagumpay na pag-unlad ng ating bansa at ang paghikayat sa bawat mamamayang Pilipino na maging malusog at masigla.

Go-sigla sa pag eehersisyo! Go-slow sa pag-inom ng alak! Go-smoke Free! at Go-sustansya sa pagkain ng wastong balance diet! Ito ang nilalaman ng programang Go 4 Health ng Department of Health na inilunsad dito sa Camarines Norte kahapon Enero 22, 2015 sa Bel Air Resort Daet.

Pinakamahalagang pangyayari sa araw na iyon ang paglagda sa Pledge of Commitment sa programang Pilipinas Go 4 Health.

Pinangunahan ni Dr. Gloria J. Balboa *DOH Regional Director* ang official launching dito at niyaya ang bawat isa na magkaroon ng backyard farming bilang panimulang hakbang para sa Go-sustansya. Sinabi pa niya na hindi lamang kalusugan ang mas mapapabuti nito kundi maging ang kahirapan ay malalabanan rin nito.

Para sa Go-sigla, tinalakay ni Mr. Dennis Cabarle, P.E Instructor ng Camarines Norte State College (CNSC) ang kabutihang idinudulot ng pag-eehersisyo at kanyang itinuro din ang pag compute ng Body Mass Index (BMI) na nagsisilbing bayometro ng isang tao kung ito ba ay malnourish o healthy.

Matapos nito ay tinalakay naman ni Dr. Lovella M. Bazar, *Medical Officer DOH Camarines Sur Rehabilitation center,* ang tungkol sa masasamang epekto ng Alak, Droga at Paninigarilyo upang bigyang diin ang kahulugan ng Go-slow sa tagay at Go-smoke free.

Pinabatid naman ni Mrs. Loria Dipasupil ng DOH ang ukol sa Red Orchid Award na isang pagkilala sa isang opisina bilang 100% smoke free area. Nais rin niya na magkaroon ng Red Orchid Awardee ang isang pampublikong opisina o ahensya dito sa ating lalawigan sa kadahilanang walang nabig-yan noong nakaraang taon ng ganitong gantimpala.

Ipinabatid naman ni Dr. Jocelyn Iraola, *DOH Camarines Norte Provincial Director* na ang programang Pilipinas Go 4 Health ay inilunsad noong June 6, 2013 sa Ramada Hotel Manila. Tinalakay niya ang 3 istratehiya ng programa para mas mapalawak ito. Ito ang Personal Commitment, Institutional Commitment at Community Commitment. Binigyan rin niya ng diin ang bawat kahulugan ng 4 na aspeto ng Go 4 Health Program na Go-sigla, Go-slow sa tagay, Go-smoke free at Go-sustansya.

Lahat ng mga lumahok sa programa ay pareparehas ang suot na T-shirt na may tatak na Pilipinas Go 4 Health sa harapan at DOH sa likoran na ibinigay ng DOH. ***MARK ONG/ JING ARRIOLA CALIMLIM***

# Annual Budget sa 2015

Sa bisa ng Sangguniang Panlalawigan Resolusyon Blg. 561-2014, pormal na napagtibay ang Appropriation Ordinance No. 43-2014 na nag-aaproba sa 2015 badyet ng pamahalaang panlalawigan na umaabot sa P949,878,538.00. Mas mataas ito ng P91,425,273.00 o 10.65% kumpara sa badyet ng nakaraang taong 2014.

Ang badyet ngayong taon ay isang performance-based para mataya ang resulta o pakinabang nito sa publiko at maramdaman sa buong lalawigan. Higit sa lahat, isinusulong nito ang mithiin ng pamahalaang nasyonal na, "Paggugol na Matuwid, Kaunlaran para sa Lahat" na binigyang-diin ni Gob. Edgardo A. Tallado sa kanyang 2015 budget message.

Susog dito, ang P949.88 milyong pondo ngayong taon ay gugugulin para sa mga programa, proyekto at aktibidad na magsusulong sa pangkalahatang kapakanan ng mga mamamayan ng lalawigan.

Sa P158,344,708.00 na 20% development fund (20% DF), ilalaan ang P43,100,000.00 para sa social services partikular na ang konstruksyon ng multi-purpose hall sa may 26 na barangay; P29,744,708.00 para sa economic activities, at P85.5-milyong pondo kung saan ang P15.5-milyon ay ilalaan bilang pang-ambag (counterpart/equity) ng pamahalaang panlalawigan sa implementasyon ng 15 PAMANA Projects sa 4 na bayan ng probinsya at P70-milyon naman bilang loan amortization para sa mga development projects nito.

Ngayong taon, naglaan ng P5-milyong si Gob. Tallado para sa basic education of high school students, at P500,000.00 para sa Alternative Learning System. Ito ay maliban pa sa P14-milyon na pondo para sa *Camarines Norte Provincial Government College Education Assistance Program (CNPGCEAP)*, at P1.5 milyon para sa *Educational Programs for Out-of-School Youth.*

Ang pondo para sa *Youth Affairs* ay itinaas ni Gob. Tallado sa P2.340-milyon sapagkat sa Libreng *Call Center Agents Training* na isinagawa nito, 91% sa mga naging trainees ay may mga trabaho. Sa 'Libreng Review, Handog sa Inyo' program; 32.33% sa mga nagrebyu ang nakapasa at ngayon ay civil service eligible na mas mataas kumpara sa 11% national passing rate.

Naglaan din ng P1.824-milyon para sa Senior Citizens programs, projects and activities maliban pa sa mga nakapaloob na gawain sa *Gender And Development (GAD) Plan.*

Prayoridad din ni Gob. Tallado ang kalusugan ng mga maralita nating kababayan kaya naglaan siya ng P15-milyon para sa PHIC Indigency Program bukod pa sa P10-milyon na *Assistance to Indigents;* P12.150-milyon para sa hospitalization, consultation/laboratory assistance, at P10-milyon para sa *Assistance to Individuals in Crisis Situations (AICS).*

Kasabay nito ang paglalagay ng revolving fund for medicines para matiyak ang sapat na suplay ng mga pangunahing gamot at medical supplies pati na ang modernisasyon ng medical, laboratory at administrative equipment ng Camarines Norte Provincial Hospital , Labo District Hospital at Capalonga Medicare and Community Hospital. May laang pondo rin para sa honorarium ng mga barangay health workers, brgy. nutrition scholars, at day care workers, at suporta sa mga barangay frontline volunteers na katu-

*(Sundan sa pahina 6)*

# Summer Job of Students, malapit na

Nagsimula na ang pagtangap sa mga mag-aaral na nais magkaroon ng trabaho ngayong bakasyon sa ilalim ng programang Special Program for the Employment of Students o mas kilala sa tawag na SPES.

Ang pagtanggap ng aplikasyon na nagsimula noong Enero 12, 2015 ay tatagal hanggang sa Marso 27, 2015. Kinakailangan magsumite ng mga susunod ang mga nais mag apply sa Public Employment Service Office (PESO) sa Ground Floor, Provincial Capitol Building, Daet, Camarines Norte. Hanapin lamang si Mrs. Nida Tosoc *PESO Manager.*

Application letter addressed to the Hon. Governor Edgardo A. Tallado; Birth Certificate or Baptismal; Certificate; Income Tax Return or Certificate of Indigency of Parents at Certification of Grades issued by the school registrar.

Ang mga kwalipikado sa programa ay Incoming 3rd year or 4th year College, 18 – 25 taong gulang, Kailangan mayroong Average Passing Grade, Hidi dapat tataas sa poverty threshold ang kinikita ng pamilya at hindi pa dapat nakapagtapos ng anumang 4 na taong kurso. Ang mga kasalukuyang scholar ay hindi kwalipikadong mag-apply dahil sila ay benipisyaryo ng isang malaking programa ng Pamahalaang Panlalawigan.

Gaganapin ang Pre-Qualifying Exam sa Marso 31, 2015 at ang Interview at screening sa Abril 6, 2015. Magkakaroon ng Briefing at Orientation sa mga papalaring makapasok sa programa sa Abril 13, 2014 at magsisimula ang kanilang pagtratrabaho sa Abril 14, 2015. Magtatapos ang programa sa pamamagitan ng isang closing program sa Mayo 29, 2015.

Ang programang SPES ay naisakatuparan sa pamamagitan ng programa ng Department of Labor and Employement (DOLE) sa pakikipagtulungan ng Pamahalaang Panlalawigan sa pamumuno ni Governor. Edgardo A. Tallado. Animnapung porsyento ng sweldo (60%) ng mga SPES employees ay sagot ng Pamahalaang Panlalawigan samantalang ang 40% ay mula naman sa DOLE. ***MARK ONG***

# pagtitipong pangkapayapaan ...

(Mula sa pahina 1)

mentasyon ng mga *socio-economic programs* ng pamahalaang panlalawigan at ibang ahensya na katuwang sa pagresolba sa ugat ng insurhensya; at sa implementasyon ng *comprehensive local integration program* ng pamahalaang panlalawigan pati na ang pag-*secure* sa mga *vital installation* at *flagship projects* nito at ng iba pang *law enforcement agencies*. Tungkulin din nitong panatilihin ang presensiya ng *49th Infantry Batallion* at *902BDE* para tulungan ang probinsya at ang *PNP* sa pagtiyak na maiiwasan ang muling paglaganap ng *insurgency activities* dito sa Cam. Norte

Kinatigan ng Sangguniang Panlalawigan ang ginawang deklarasyon ng Philippine Army sa pamamagitan ng pagpasa ng isang resolusyon.

Bago ang paglagda ng magkabilang panig sa nasabing dokumento ay binasa muna ni Bise Gobernador Jonah G. Pimentel ang Res.No.480-2014 na nagpahayag din ng mala-king kontribusyon ng mga programang pangkaunlaran ng gobyerno sa halip na marahas na aksyon sa paglaban sa subersyon.

Nagbigay ng paumanhin ang pamunuan ng AFP dahil sa hindi nakarating ang sana ay pangunahing panauhin na si AFP Chief of Staff. General Gregorio Pio Catapang Jr dahil sa may mahalaga itong nilakad sa lalawigan ng Sulu kasama si Department of National Defense (DND) Secretary Voltaire Gazmin. .

Sa isinagawang programa ay binigyan ng pagkilala ang mga contributors to peace and development in Camarines Norte.

Nakiisa din sa okasyon ang Department of Labor na doon inilunsad ang pamamahagi ng mga pang-kabuhayan kit na ang ilan sa mga pili nating kababayang na napagkalooban ay nakatira sa mga lugar na may mga aktibidad ng insurgency o pag-aaklas laban sa gobyerno. ***RICKY VITO/MARK B. ONG/ JING A. CALIMLIM***




Nilalagdaan nila Major General Depayso ng Armed Forces of the Phlippines at Gov. Edgardo A. Tallado ang Memorandum of Understanding (MOU) for Declaration of Camarines Norte as a Peaceful Province kung saan nasasaad ang kasunduan ng dalawang panig na mas pananatilihin pa nila ang kapayapaan at kaayusan sa buong lalawigan . Saksi sina (mula kaliwa-kanan) DOLE Regl. Dir. Nathaniel Lacambra, MGen. Visaya, Vice Gov. Pimentel, Colonel Amador T. Tabuga Jr. at PNP. Provl. Dir. Moises Pagaduan

# Pasasalamat para sa Contributors for Peace

Ang programang isinagawa noong Enero 21, 2015 na People's Convergence for Peace and Development ay tunay na nagpakita ng pagsama-sama ng ibat-ibang sektor ng lipunan tungo sa kapayapaan at pag-unlad. Doon ay binigyan ng pagkilala ang mga piling government at non-government organizations dahil sa kanilang mahalagang ambag sa pagpapanatili ng kaayusan at kapayapaan sa Camarines Norte.

Kabilang sa mga organisasyon at institusyon pinagkalooban ng Pamahalaang Panlalawigan ng sertipiko ng pagkilala ay ang Philippine National Police, Department of Agrarian Reform (DAR), Department of Interior and Local Government(DILG), Department of Labor and Employment (DOLE), Junior Chambers International, (JCI), Mayor's league of Camarines Norte at Youth for Peace Movement Camarines Norte.

Ang naging ambag ng PNP ay ang pagpapanatili ng peace and order sa mga bayan at mga barangay, partikular na rito ang pagresolba sa mga krimen, pagsasagawa ng random checkpoints sa mga kalsada at ang mga drug raids. Ang DAR at DILG ang ay siya namang mga ahensya na daluyan ng mga pondo mula sa pamahalaang nasyonal at tagapag-ugnay para sa proyekto sa mga barangay dito sa Camarines Norte partikular na ang mga farm to market roads, mga tulay, tramlines at marami pang iba na nagsilbing malaking tulong sa ating mga kababayan na mailabas sa palengke ang kanilang mga produkto. Ang DOLE naman ang nagbibigay ng mga trabaho at kabuhayan sa ating mga kababayang walang hanapbuhay.

Dumalo ang mga kasalukuyang hepe ng mga nasabing tanggapan na sina Police Superintendent Moises Cudal Pagaduan ng

(Sundan sa pahina 4)

# pagiging peaceful ...

(Mula sa pahina 1)

para madeklarang peaceful province ang Camarines Norte ay ang bilang o dami ng mga rebelde at kung nasaan ang *area of concentration* nila. Nakita nila na mayroon pa ring konting rebelde pero kalat-kalat na sila. Sa ngayon daw ay mababa na ang ratio nila at halos 30 na lang ang kanilang miyembro dito sa ating lalawigan. Nakapasa raw sa lahat ng parameters ang Camarines Norte.

Nauna din ang Camarines Norte at Catanduanes sa Bikol Region na madeklara na peaceful provinces. Dito raw sa Camarines Norte simula 2012 at 2013 ay nagkaroon na ng mga bayanihan activities at development project ng Philippine Army dahil sa suporta ng gobernador kaya marami ang narating nilang barangay. Nakita din ng PA na simula 2013 at ng 2014 ay halos wala ng *violence incidents.*

*Literally peaceful* rin daw ang ibang probinsya sa Bicol at hinihintay narin para ma deklara silang *peaceful province*. Samantala sa buong bansa ay 49 ang na deklarang peaceful province.

Sa mensahe sa prescon ni Gov. Tallado ay sinabi niya na tuloy–tuloy ang Multi–Services Caravan sa mga malalayong barangay lalo pa at napatunayan natin ito ngayon na nakakatulong upang mabawasan ang insurgency sa ating lalawigan. Lubos din siya na nagpapasalamat at sa mga taga media na sinabi niya na makakatulong ang mga mamamahayag upang mahikayat ang bawat mamamayan na mapanatili ng lalawigan ang pagiging isang peaceful province sa buong rehiyong Bikol at sa buong bansa.

Dumalo sa press conference ang ilang mga bigating national media tulad ng ABS–CBN,GMA TV5, Philippine Star at Philippine Daily Inquirer, May kinatawan rin ang UNTV, Bombo Radyo, DZNX at marami pang iba. Samantala naroon din ang lokal media tulad ng Brigada News fm, CNTV, Radyo ng Bayan, DWSL, DZMD, Camarines Norte News, Philippine Information Agency at mga print media. ***JING A. CALIMLIM/RICKY VITO/MARK B. ONG***

# bilanggo...

(Mula sa pahina 6)

taon at higit pang taong pagkakulong – 30 araw na bawas sa bawat buwan ng pagkabilanggo

5) Sa anumang oras sa panahon ng pagkakulong, maliban sa 4 na sitwasyong nabanggit, pwedeng mabigyan ng karagdagang 15 araw na bawas sa bawat buwan ng pagkabilanggo ang mga preso sa bawat buwan ng kanilang pag-aaral, pagtuturo *(teaching)* o paggabay *(mentoring)*.

Kung dati ay ang *Director of Corrections* lamang ang tanging awtorisado na magbigay ng *prison sentence reduction*, sa bagong batas ay pinapayagan ang mga *Director of Corrections*, *BJMP Chief*, *Warden (provincial, district, municipal* o *city jail)* na magbigay ng *grant allowances* para sa *good conduct* ng mga bilanggo. Sa sandaling maigawad ang *grant allowances*, hindi na ito mababawi o mababago pa.

Dahil dito, ang mga kaukulang opisyal ay kailangang maging maingat at responsable sa paggawad ng *GCTA* sapagkat sa sandaling nagkamali o umabuso sila ay mananagot sila sa batas. Maaari silang mapatawan ng parusa na 1-taong pagkabilanggo, pagmulta ng P100,000.00, at habambuhay na diskwalipikasyon na humawak ng pwesto sa anumang pampublikong tanggapan.

Samantala, ang mga detinado na nais mabigyan ng aprubadong sertipikasyon ng *GCTA* mula sa *Warden* ay kailangang dumaan sa masusing ebalwasyon at beripikasyon ng *MSEC (Management Screening and Evaluation Committee)*. Ang *5-member MSEC* ay pipiliin mula sa mga empleyado ng *CNPJ* at *Parole and Probation Office (PPO)*. Itatatag ang naturang komitiba sa tulong ng mga *GCTA Supervisors* na itatalaga sa mga susunod na araw.

Sinusuportahan ni Gob. Edgardo A. Tallado ang inisyatibong ito na aniya'y magbibigay-inspirasyon at pag-asa sa mga detinado para maging mabuting mga indibidwal at lubusang magbagumbuhay.

Inaasahan na kaakibat ng implementasyon ng *GCTA* ay ang mas aktibong kooperasyon ng mga detinado sa mga programang pangrehabilitasyon ng *CNPJ* na nakatuon sa pagpapaunlad ng kanilang aspetong moral at ispiritwal. Ito ay sa tulong at suporta ng kanilang pamilya, iba't-ibang organisasyon at kapwa-tao na laang magbigay ng pagkakataon sa kanila para makapagbagumbuhay. ***ARIES N. BALBAS, CNPJ/LORENA DELA TORRE-IBASCO***

## Mensahe ni Gob. Egay sa Pagtitipong Pang-Kapayapaan

Ibabahagi ko ang aking kwento sa aking naranasan noong araw ng ako ay bata pa lalong lalo na noong ako'y lumalaban sa kahirapan. Sa ating pong mga bisita, kung hindi pa po ninyo alam kung saan nanggaling si Egay Tallado, ako po ay mula lamang sa isang mahirap na pamilya. Lumaki po ako sa isang malayong barangay sa bayan ng Labo 3 km from national highway. Doon ko po nasaksihan at naranasan ang kahirapan at doon po ako nakakita mismo ng mga rebelde. Minsan noong kami ay nagtatanim ay may nakausap akong isang rebelde at nagtanong: bakit po kayo may hawak na baril? Bakit po kayo nag rerebelde? Ang unang sagot nila ay dahil sa Presidente ng Pilipinas noong panahon na iyon ay si Presidente Marcos. Pangalawa sinabi nila sa akin na hindi nila maramdaman ang gobyerno.

Sabi nila na nasaan ang gobyerno? Dahil noong araw po walang maayos na kalsada, maglalakad ka talaga para makapunta sa malalayong barangay sa ating lalawigan. Walang kuryente ang mga sityo, wala silang mga hanap buhay, Ang daming mga kabataan na sa edad na 14 at 15 sila po ay sumasama at naging rebelde dahil hindi sila nakapag-aral at walang silang malapitan na gobyerno. Ito ang mga nakita kong mga dahilan kung bakit mayroong insurgency at kaguluhan sa ating lalawigan at sa ating bansa.

Kaya nang ako ay naging gobernador, binalikan ko ang mga ala-alang ito at nag-isip ng gagawin. Una kong ginawa ay kinausap ko ang inabutan ko noon na si Brigade Commander na aking kaibigan, si General Torralba. Ang sabi ko sa kanya ay ayaw kong mababalitaan o may mag-susumbong sa akin na may pag-aabuso ang mga military dahil isa sa mga dahilan kung bakit maraming mga nagiging rebelde ay dahil sa pag-aabuso ng mga militar. Sa awa naman ng Diyos walang pang-aabusong naiulat hanggang pumalit na ang aking kaibigan din at kumpare na si Col. Lagrana ay wala rin po ako narinig o nag-sumbong sa akin.

Ngayon at ako na ang ama ng ating lalawigan simula noong 2010, unang-una ay inilapit ko po ang gobyerno sa mamamayan. Umiikot ako sa buong probinsya hindi lang isang beses hindi lang dalawa para sila po ay pagserbisyohan at paglingkuran sa pamamagitan ng Multi-services Caravan. Inayos po natin ang mga kalsada, lahat ng brgy sa Camarines Norte po ay may kuryente na at ngayon ay tuloy tuloy ang paglalagay ng mga kuryente sa mga sitio at mga purok. Malaking na ang pondo para sa mga scholarship para sa mga kabataan sa Camarines Norte. Mula sa P 2milyong pondo nang ako ay umupo bilang gobernador, o 200 iskolar lang yan, ngayon po napakadami ng iskolar ang provincial government more or less 20 million ang pondo para diyan. Ang mga katanungan ko noong ako ay maliit pa ay hinanap ko ang kasagutan kaya nagagawa ko ang lahat ng ito..

Ngayon at dumating na itong araw na makasaysayan sa ating lahat dahil ang Camarines Norte po ay isa na sa mga tahimik na lalawigan sa buong Pilipinas. Palakpakan natin ang ating mga sarili dahil ito sa ating pagtutulungan. Salamat sa aking katuwang na si Vice Governor Jonah Pimentel, sa kanyang mga kasamahang mga board members at sa mga Provincial Government employees. Pinapasalamatan ko din po ang lahat ng mga public servants na sumusuporta at nakikiisa para maging tahimik po ang ating lalawigan. Huwag po sana kayo magsawa sa suporta ninyo sa akin. Hindi po tayo magiging tahimik kung wala po ang mga ahensya na ito katulad ng DOLE na napakaraming mga programa na ibinibigay sa ating lalawigan. Maraming salamat din sa Department of Agrarian Reform dahil sa daan-daan kilometrong kalsadang napapasemento . Maraming salamat din sa National Irrigation Administration kung wala po kayo wala kami mapapatubigang palayan sa aming lalawigan. Maraming salamat din sa National Electrification Administration, kung wala kayo marami pang brgy ang wala pang kuryente. Salamat din sa DA, DSWD, DILG, PA at sa lahat ng mga ahensya na nakikiisa at sumusuporta sa aking mga programa at sa aking mga proyektong dinadala sa mga brgy.

Kung ako ay naghintay lang sa aking malamig na opisina sa kapitolyo hindi tayo nakakakuha ng proyekto. Dahil din po sa aking pagtiyatiyaga, sa aking kakulitan, sa aking kasipagan at panghuli ay dahil kapartido po natin ang ating mahal na Pangulo na nakasuporta sa atin. Tayo lang po ang gobernador sa buong bikol region ang tumayo at nanindigan noong nakaraang eleksyon para sa kanya at hindi po nagkamali ang mga taga Camarines Norte dahil bumubuhos ang napakaraming at malalaking proyekto sa ating mahal na lalawigan.

Sana ang araw na ito ay huwag nating makalimutan. Ilagay at isapuso at isaisip natin ito, Patuloy akong humihingi sa inyo ng tulong at suporta dahil hindi pa ito dito natatapos. Dapat ay tuloy-tuloy ang pagbibigay natin ng serbisyo, tuloy tuloy ang pagbibigay ng proyekto para makamtan talaga natin ang kapayapaan at kaunlaran ng ating lalawigan. Ito po ay umpisa pa lamang ng laban natin sa kapayapaan at kaunlaran.

Makakaasa po ang Camarines Norte na hindi po ako titigil hangang may nakikita po akong kababayan natin na talagang umaasa sa tulong ng gobyerno .

Mabuhay Camarines Norte!

Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

**EDITORIAL BOARD:**

CHAIRMAN:
**EDGARDO A. TALLADO**
*Governor*

VICE CHAIRMAN;
**JOSE G. BOMA**
*Executive Asst. IV & OIC Provincial Administrator*

MEMBERS:
- Jing A. Calimlim, Acting PIO and *Community Affairs Officer IV*
- Atty. Adan Botor, *Provincial Legal Offficer*
- Abel C. Icatlo, *Museum Curator I*

***EXECUTIVE EDITOR:***
JING ARRIOLA CALIMLIM

***NEWS EDITORS:***
Jing A. Calimlim, Lorena T. Ibasco,

***LAYOUT:***
Jing Calimlim, Engr. Wilson V. Porcincula

***PHOTOGRAPHER*** :
Luigi Martin P. Querubin, Ramon Vecino

***CIRCULATION*** :
Marcial P. Ferrer, Emily Lapay

***NEWS WRITERS***
Lorena T. Ibasco,
Rikki M. Vito, *Communications Liaison,*
MARK GLEN B. ONG

***Contributor;***
**G.O PCSSD**- Aries Balbas

## pasasalamat para sa contributors for ...




Binigyan ng 9th Infantry (Spear) Division sa pamamagitan ni MGen Visaya at MGen. Depayso ng Plaque of Appreciation si Governor Tallado dahil sa maayos at magandang pamumuno nito upang mas mapanatili ang kaayusan at kapayapaan sa lalawigan.



Sa ibinigay na Plaque of Commendation ni Gov. Tallado kay Brigadier Gen. Richard Lagrana, nakasaad rito ang pagkilala sa bukod tanging paglilingkod niya noong siya ay naging Commander ng 902nd Infantry Brigade ng 9th Infanry Division ng AFP noong nakaraang Pebrero 18, 2012 hanggang Disyembre 1, 2014



Binigyan rin ng pamahalaang panlalawigan ng kahalintulad na komendasyon si Liutenant Coronel Michael M. Buhat ng Philippine army na naging commander ng 49th Infantry Battalion simula Mayo 7, 2012 hanggang Hunyo 6, 2014.

*(Mula sa pahina 3)*

PNP, Camilo A. Del Monte Provl. OIC ng DAR, Edwin Garcia ng DILG at Regional Director Nathaniel Lacambra ng DOLE at pormal nilang tinanggap ang mga Certificate of Appreciation.

Para sa lahat ng alkalde dito sa ating lalawigan ang pagkilala sa Mayor's League of Camarines Norte dahil sila ay may kanikanilang kontribusyon para sa pag-sulong ng kapayapaan sa kanikanilang mga bayan. Kinikilala rin dito ang naging kontribusyon ng mga nakaraang pamunuan ng mga Pamahalaang Bayan.

Naroon sa pagtitipon si Mayor Francis Ong ng San Vicente at siyang tumanggap ng plake para sa kanilang liga. Ang nasabing grupo ay may magandang pagsasamahan kaya mas napapadali ang pagtutulungan ng bawat bayan dito sa ating lalawigan.

Sa panig naman ng mga Non-government Organization (NGO), nabigyan rin ng Certificate of Appreciation ang Junior Chambers International. Ang isa sa layunin ng kanilang samahan ay isali ang mga kabataan sa mga kapakipakinabang na gawain upang mailayo ang mga kabataan sa pag -gamit ng ipinagbabawal na gamot, isang pamamaraan upang makaiwas sila sa ibang krimen na bunga ng droga.

Ang Youth for Peace Movement na pinangungunahan ni John William Villarin ay siyang kabalikat ng 49th Infantry battalion upang mas mailayo ang mga kabataan sa mga panghihikayat ng mga rebeldeng grupo. Suportado ng Philippine Army ang kanilang mga aktibidad sa pamamaraan na maging abala ang mga kabataan sa *wholesome activities* at hindi sila maimpluwensyahan ng mga maka-kaliwa. ***MARK ONG/ JING A. CALIMLIM***

# Mga piling larawan

## People's Convergence Towards Peace and Development."

**Pinarangalan ng pamahalaang panlalawigan ang mga naging katuwang nito sa pagpapatupad ng kapayapaan at makamit ang deklarasyon ng AFP na generally peaceful province ang Camarines Norte**



PNP Camarines Norte thru Police Superitendent Moises Cudal Pagaduan—for peace and order up-keep, crime solved, random checkpoints, illegal drug raids



DAR sa pamamagitan ni Camilo A. Del Monte Provl. OIC—para sa mga farm to market roads, mga tulay na nagsilbing daan tungo sa kapayapaan at pag-angat ng ekonomiya lalo na sa mga liblib na



DILG sa pamamagitan ni Provl. Dir. Edwin Garcia ng DILG—para sa mga PAMANA Projects tulad ng kalsada at tulay na naglapit ng mamamayan sa gobyerno at magtiwala at makiisa rito.



DOLE sa pamamagitan ni Reg'l. Director Nathaniel Lacambra dahil sa mga tulong pangkabuhayan at makaiwas ang mamamayan sa paggawa ng krimen o illegal na gawain upang kumita ng pera.



Mayor's League of Camarines Norte— ang kapulungan ng mga alkalde sa lalawigan ay masigasig sa pagsusulong ng mga gawaing pang-kapayapaan sa kanikanilang bayan Tinanggap ni Mayor Francis Ong ng San Vicente ang parangal para sa nasabing liga. .



Junior Chambers International sa pamamagitan ni Atty. Lourdes Clarissa Donatillana– para sa gawain nilang paghuhubog sa mga mga kabataan na maging responsableng lider at maging tagapagsulong sila ng matiwasay na pamayanan



Youth for Peace Movement sa pamamagitan ni John William Villarin—para sa pakikiisa nila sa 49th Infantry Battalion bilang kabalikat sa kampanya sa mga kabataan na makilahok sa mga kaaya-ayang gawain at umiwas sa makakaliwang impluwensya.

## *Setting Goals for 2015*

mga larawan sa ibaba ay ilan sa mga naging pagpupulong ni Gob Egay Tallado para sa kanyang mga direktiba sa taong 2015.



Meeting with Provincial School Board



Meeting with PNP top offices and Chiefs of Police



Meeting with Provl. Govt. and DPWH Contractors together with PNP and Phil. Army for peace and security in project implementation

***The First, Second and Third place winner of the Light a Tree Contest of Provincial Government with a prize of P100,000; P60,000 and P40,000 respectively***







# unang hirit sa 2015 ni...



Tinatalakay ni Gob. Egay A. Tallado at ng mga hepe ng mga tanggapan sa kapitolyo ang mga proyekto at programang ipatutupad sa taong 2015. Ipinabatid din ng gobernador ang mga nilalakad pa niyang pondo mula sa pamahalaang nasyonal.

(Mula sa pahina 1)

na sabi pa ni Gob. Tallado.

Kasundo ng flag raising ceremony ay nagpulong si Gob. Tallado at ang mga hepe ng mga tanggapan ukol sa mga proyekto at programang mga ipatutupad sa 2015 at ang mga direktiba niya para sa isang aktibo at maayos na pamahalaan.

Ang sumunod na araw, Enero 6, ipinatawag naman ni Gob. Tallado ang mga doktor at namamahala ng mga tanggapan sa Camarines Norte Provincial Hospital. Mahigpit niyang direktiba na ayusin ang pamamalakad sa nasabing hospital para sa maayos na serbisyo sa mamamayan.

Enero 7 ng umaga ay hinarap naman niya ang hanay ng pulisya sa pangunguna ni Police Senior Superintendent Moises Cudal Pagaduan, PNP Provincial Director kasama ang mga chiefs of police mula sa iba't-ibang bayan sa lalawigan. Pinag-usapan dito ang mga kinakaharap pa ring usapin pag dating sa peace and order. Partikular na sinabi ng gobernador na 2 lamang bayan ang kailang pagtuunan ng pansin: ang bayan ng Jose Panganiban at Paracale dahil sa problema sa bawal na gamot.

Matapos ang pulong sa mga PNP ay umakyat patungong AVR ang gobernador kasama pa rin ang mataas na opisyal ng PNP para naman sa pulong sa mga kontratista ng mga proyektong ipinatutupad sa Camarines Norte ng pamahalaaang panlalawigan at iba-t ibang ahensiya ng gobyerno pangunahin na ang DPWH. Kasama sa pagpupulong ang mga opisyal ng Philippine Army. Patungkol pa rin ito sa peace and order situation at seguridad na kailangan sa mga lugar na may ipinatutupad na pamahalaan upang hindi mabalam

Sa hapon ay pinulong naman niya ang Provincial School Board upang pag-usapan ang alokasyon ng badget mula sa Special Education Fund.

Ika-8 at ika-9 ng Enero, umarangkada muli ang Multi-Services Caravan para sa taong 2015. Bagamat 3 barangays ang binibisita sa umaga, ay nagagawa pang magopisina ng gobernador sa hapon upang harapin ang mga nagsasadya sa kanyang tanggapan at harapin ang iba pang gawain sa kapitolyo.

Ang isang linggong lumipas ay sinundan ng mga araw na punong-puno ng masigasig na serbisyo at matapat na paglilingkod. Araw-araw pumapasok ang gobernador sa kanyang tanggapan maliban lamang kung may mga gawain sa labas tulad ng pagbisita sa mga proyekto at pagdalo sa mga kabikabilang imbistasyon ng ibat-ibang sektor.

Pinakamahalaga at malaking okasyon sa buwan ng Enero na pinaghandaan ng gobernador ay ang pagtitipong pangkapayaan noong Enero 21. ***JING A. CALIMLIM***

# Annual Budget sa ...

(Mula sa pahina 2)

wang sa paghahatid ng social services.

Para malabanan ang kahirapan, naglaan ng P5-milyon para sa Poverty Alleviation Program kaakibat ang pondong P4-M para sa Peace and Order Operations.

Para mapaigting ang kampanya kontra kahirapan, naglaan ng P5-M para sa Contract Growing for Agricultural Commodities bilang suporta sa mga magsasaka at farmers' organizations na katulong sa pagpapaunlad ng Agri-Pinoy Trading Center at pagkamit ng food security. Nakapaloob ito sa Agricultural Development Program na nakatuon sa agri-tourism development, paglaban sa kagutuman (hunger mitigation) kasama ang Livestock and Industry Development.

Ito ay pawang pinunduhan sa ilalim ng 20% DF for economic activities na nagkakahalaga ng P29,744,708.00 kasama ang para sa rehabilitasyon/konstruksyon ng 11 road sections sa 9 bayan dito para sa Roads and Bridges Development Program, pati na ang Solid Waste Management Program; One Million Trees Project; agro-forest plantation, at climate change adaptation and mitigation.

Samantala, ang malaking bahagi ng 5% Disaster Risk Reduction and Management Fund (DRRMF) na umaabot sa P47,493,927.00 ay gagamitin para sa konstruksyon ng mga istuktura kasama na ang 11 *evacuation centers, coastal and upland resources management training, manpower development* at *public awareness campaign*. Inilaan din dito ang P14,248,178.00 bilang Quick Response Fund (QRF) para matugunan ang agarang pangangailangan sa panahon ng mga kalamidad.

Tiniyak din ng gobernador na ang badyet ngayong taon ay tumutugon sa mga itinatakda ng Seksyon Blg. 287, 324 at 325 ng Local Government Code.

Ang P282,000.00 mandated aid para sa 282 barangay ay pinunduhan. Naglaan din ng P14-milyon para sa ibang pangangailangan ng mga barangay. Mas mataas ito ng P4-milyon kumpara sa taong 2014 na gagamitin sa pagbili ng mga traysikel para magamit sa peace and order program ng mga barangay pati na sa pagtugon sa panahon ng mga emerhensya lalo na sa mga malalayong barangay.

Para maisakatuparan ang mga minimithing programang pangkaunlaran, hinihingi ni Gob. Tallado ang suporta at kooperasyon ng bawat mamamayan na maging mapagmatyag para matiyak na ang pondo ng pamahalaan na mula sa buwis na ibinayad ng ating mga kababayan ay hindi masasayang at hindi mapupunta sa bulsa ng ilang tiwaling opisyal ng pamahalaan. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# Bilanggo maaaring mabawasan araw sa selda dahil sa GCTA




Ipinapaliwanag nila (kaliwa) Atty. Nilo O. Boado-Chief, Public Attorney's Office at Acting Provincial Warden Reynaldo N. Pajarillo (kanan) at ang kahalagahan ng implementasyon ng GCTA susog sa Republic Act A 10952-

Bilang paghahanda sa napipintong implementasyon ng *GCTA (Good Conduct Time Allowance)*, noong ika-9 at ika-12 araw ng Enero 2015 ay pinulong ng *Office of the Governor-Provincial Custodial Security Services Division (G.O.-PCSSD)* ang may 355 *boarders* sa *Camarines Norte Provincial Jail (CNPJ)*. Ang pulong na idinaos sa *3rd Floor, CNPJ Multi- Purpose Hall* ay pinangunahan ni *Acting Provincial Warden* Reynaldo N. Pajarillo.

Sa unang araw ng pakikipag-usap sa mga *CNPJ boarders*, naipaliwanag nina *Acting Provincial Warden* Pajarillo at *Atty.* Nilo O. Boado, hepe ng *Public Attorney's Office (PAO)*, ang kahalagahan ng implementasyon ng *GCTA* na itinatakda ng *RA 10952 - (An Act Amending Articles 29, 94, 97, 98 and 99 of Act No. 3815, as Amended, Otherwise Known as the Revised Penal Code)*. Ang *GCTA* ay isang *prison sentence reduction scheme* na bukas sa lahat ng mga *jail inmates* na nagpakita ng *good conduct* sa panahon ng pagkakakulong.

Ngunit binigyang-diin ng 2 opisyal na sa ilalim ng *Art. 29* ng *RA 10952*, hindi pwedeng maging benepisyaryo nito ang mga *convicted prisoners* na: 1) *Recidivists* o 2 beses o maraming ulit nang nahatulan dahil sa anumang krimen gaya ng tinutukoy sa *Book One, Title One, Chapter IV, Article 14 (9) of the Revised Penal Code*; 2) Hindi kusang loob na sumurender/ sumuko sa batas sa kabila ng pagpatawag sa kanya ng hukuman; 3) Kung kasapi ng isang samahan *(gang)* na hindi matalikuran; 4) Lumabag sa ilang batas ng pangungulungan; 5) Pugante na hindi kabilang sa tinutukoy ng *Article 158 of the Revised Penal Code*, at 5) Hindi nakikilahok at nakikiisa sa mga programang ipinatutupad para sa rehabilitasyon at kapakinabangan ng mga bilanggo sa piitan.

Sa ilalim ng *Sec. 3, Article 97, Act 3815 as amended*, ang *good conduct* ng sinumang kwalipikadong bilanggo ay mabibigyan ng sumusunod na *prison sentence reduction* mula sa panahon ng pagbuno sa kanilang sentensya:

1) Unang dalawang taon ng pagkabilanggo - 20 araw na bawas sa bawat buwan ng pagkabilanggo

2) Ikatlo hanggang ikalimang taon ng pagkabilanggo - 23 araw na bawas sa bawat buwan ng pagkabilanggo

3) Ika-anim hanggang ikasampung taong pagkabilanggo - 25 araw na bawas sa bawat buwan ng pagkabilanggo

4) Ika-labing-isang

(Sundan sa pahina 3)

# Starter kit mula sa ...

(Mula sa pahina 8)

Army at ang DOLE ang namili at nag sala sa mga benipisyaryo ng naturang programa. Kabilang sa kanilang isinaalang-alang ay kung ano ang gustong hanap buhay, kung saan magaling at anong larangan ng negosyo ang alam ng isang tatangap ng kabuhayan kit. Ang patakaran para makasali sa programang kabuhayan ay walang hanap-buhay at nakatira sa lugar kung saan mayroong presensya ng makakaliwang grupo.

Nasa 226 na benepisyaryo ang tatanggap ng mga pangkabuhayan kit na may katumbas na P6,700.00 kada isang benepisyaryo.

Nakapaloob sa mga starter kit ang iba-ibang kagamitan depende sa hanap buhay ng benepisyaryo tulad ng kagamitan sa; welding, pagtatahi, pag-papaganda, pag-gugupit, pagpanday, pag-gawa ng mga produkto mula sa pagkain, pag-ayos ng mga elektroniks, pagayos ng mga sasakyan at pag-vulcanize ng mga gulong ng sasakyan.

Hindi lamang sa pagbibigay ng mga starter kits magtatapos ang nasabing programa dahil magsasagawa pa rin ng random at surprise monitoring ang DOLE, Philippine army at Pamahalaang Panlalawigan upang masiguro nilang inaalagaan at pinalalago nila ang kanilang mga negosyo na mula sa mga starter kit na ipinamigay ng gobyerno. Umaasa rin na lalago ang mga negosyo ng mga benipisyaryo at hindi nila sisirain o ipagbibili ang mga nasabing kagamitan.

Ang naturang pamimigay ng mga starter kits ay kaloob ng DOLE sa pangangasiwa ni DOLE Provincial Field Officer Mrs. Jane Rolda sa tulong ng tanggapan ni Gov. Tallado at sa pakikipagtulungan ng Armed Forces of the Philippines. ***MARK ONG/ JING CALIMLIM***

# Minahang bayan inendorso...

(Mula sa pahina 8)

para maisulong ang Minahang Bayan.

Samantala, sa ilalim ng RA 7076 ang pwede lamang mag-aplay para sa operasyon ng minahang bayan ay ang mga small-scale miners na kailangang boluntaryong bumuo ng isang kooperatiba, at hindi ang mga large-scale mining companies. Ngunit kailangang makakuha sila ng lisensya mula sa DENR para magbungkal o kumuha ng minerals o ore-bearing materials.

Dahil dito, hindi iisa o iilang tao lamang ang makikinabang sa mga yamang-mineral kundi lahat ng miyembro ng maitatatag na kooperatiba na isusulong ang lehitimo at ligtas na pagmimina. Sa pamamagitan din nito, magkakaroon nang maayos at patas na distribusyon ng kita.

Ang small-scale mining operations ay maari lamang gawin sa loob ng idineklarang PSSMAs o Minahang Bayan. Hindi sakop ng small-scale mining ang pagkuha ng metallic minerals maliban na lamang ang ginto (gold), pilak (silver) at chromite. Mahigpit ding ipinagbabawal dito ang paggamit ng mercury para di makadagdag sa polusyon lalo na sa panganib na pangkalusugan.

Sa Seksyon 5 ng RA 7076, ang kinauukulang City/PMRB ang may awtoridad na magdeklara at magtakda ng hiwalay (set aside) na people's small-scale mining areas sa mga lugar na angkop para sa small-scale mining na isasailalim sa rebyu ng DENR Secretary. Bibigyang-prayoridad dito ang mgar lugar na okupado na at aktibo nang minimina ng mga small-scale miners. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# Nanalo sa 5th Light a Tree, Hall of Fame na.




Si G. Fidel Panotes (nasa gitna) ng Carzan's *Balloons & Party Needs* sa ikatlong beses na sunod-sunod niyang panalo. Pumangalawa sa taunang *Light a Tree Contest* ang *MCE Academy* na nakakuha ng 146 puntos at pangatlo naman ang Elnar *Gold Processing Plant sa* puntos na 136. Ginanap ang awarding noong ika—6 ng Enero 2015

Sa iskor na 180 puntos, nanalo ang Carzan's *Balloons & Party Needs* sa *5th Light a Tree Contest* kaakibat ang premyong P100,000.00 at ang pagtatanyag sa kanya bilang Hall of Fame Awardee dahil sa sunud-sunod na tatlong taon panalo sa unang pwesto simula 2012. Dahil dito hindi na ito maaaring lumahok sa susunod na taon upang magbigay pagkakataon naman sa iba pang magagaling magdisenyo.

Maliban sa magandang disenyo at makulay na pailaw, nagdagdag ng *sound effects* ang Carzans na nagpatangi rito kumpara sa iba kaya 'paborito' itong puntahan ng karamihan.

Simple ngunit mabusisi ang dekorasyon ng *MCE Academy* na *capiz* ang pangunahing materyales.

Ang palamuti ng lahok na puno ng Elnar *Gold Processing Plant (EGPP)* ay tinampukan ng maliit na wangis ng eroplano at naglalakihang mga regalo mula sa ibayong dagat na akma sa tema ng *5th Light a Tree Contest* na, "Paskong Pilipino Handog namin sa mga *OFWs*". Nagkamit pa ng karagdagang *consolation prize* na P5,000.00 ang EGPP dahil napiling *TM ASTIG TREE* ang kanilang lahok na ibinase sa dami ng *text votes* ng ating mga kababayan.

Samantala, nagbigay ng mensahe sa okasyon si Gob. Edgardo A. Tallado na muling inanyayahan ang mga establisimyento at organisasyon sa lalawigan na sumali sa taunang patimpalak para sa susunod na taon ay mas maging makulay at masigla ang naturang gawain.

Hiniling naman ni *Supvg. Admin. Officer* Bong Palma sa mga kalahok sa pa-*contest* na palawigin pa ng 1-linggo ang kanilang dekorasyon para makaengganyo pa ng ating kababayan para bumisita sa Kalayaan Park. Ipinahayag din niya na sa darating na Setyembre ay agad niyang sisimulan ang pagpaplano para sa 5th *Light a Tree Program*. Si Palma ang bagong itinalagang *Acting Supervising Tourism Operations Officer* ni Gob. Tallado kasunod ng pagkabakante ni *Atty.* Ludivina G. Francisco sa naturang pwesto dahil sa paglipat nito sa *Regional Trial Court*-Daet ngayong Enero 2015. ***LORENA D. IBASCO/MARK ONG***

# Multi services ...

ang idinaos sa Agro Sports Center bilang isang bahagi ng programang People's Convergence Towards Peace and Development. Kinilala ang MSC ng Philippine Army bilang isang programang pangkapayapan. Malaki ang ambag ng MSC sa Philippine Army para sa bayanihan activity nila sa kanilang pagsama sa mga barangay at nailapit nila ang hukbong sandatahan sa mamamayan.

Sa nasabing programa noong Enero 21 ay pinagtibay ang deklarasyon ng Philippine Army na generally peaceful ang Camarines ***MARK ONG/JING A. CALIMLIM***



Pag-gugupit ng laso na hudyat ng pasinaya ng Farm to Market Road sa Brgy. Matnog, Basud na isinagawa noong Enero 29 kasabay ng pagsasagawa roon ng Multi-Services Caravan. (Mula sa kaliwa) Vice Mayor Ramir Barrameda ng Basud, Bokal Renee Herrera, Gov. Egay Tallado, Mayor Dominador Davocol at Vice Gov. Jonah Pimentel. Nasa dulong kanan si Girl Vice Gov. Sheena May Lopez na sumama sa caravan bilang bahagi ng programang Boys & Girls Week. Naroon din ang counterpart ni Gob. Egay na si Boy Governor Exequiel Romano ngunit hindi nakahabol sa pagkuha ng larawan.)

# Starter Kit mula sa Dole, pakikiisa sa kilos pangkapayapaan

Kasabay ng programa noong Enero 21, 2015 sa Camarines Norte Agro Sports Center ukol sa paglagda ng Memorandum of Understanding sa pagitan ng Pamahalaang Panlalawigan at Armed Forces of the Philippines para sa Declaration of Camarines Norte as Peaceful Province, binigyan rin ng mga pang-kabuhayan kit ang ilan sa mga pili nating kababayang nakatira sa mga lugar na may mga aktibidad na insurgency at pag-aaklas laban sa gobyerno.

Ang ilan sa kanila ay inanyayahang dumalo sa nasabing programa upang personal na matangap ang starter kit na mismong Regional Director ng Department of Labor and Employment (DOLE) na si G. Nathaniel Lacambra ang nagbigay ng starter kit katuwang si Governor Edgardo A. Tallado.

Ang pamamahagi ng starter kit sa iba pang benepisyaryo ay isasagawa sa mga bayan-bayan sa mga susunod na araw.

Ang Philippine

(Sundan sa pahina 7)




Ang seremonyal na pamamahagi ng pang-kabuhayan kit sa ilang piling benepisyaryo bilang bahagi ng programang Peoples Convergence towards Peace and Developmentnoong Enero 21, 2015 sa Agro Sports Center. (mula kaliwa-kanan) Pinangunahan ni RD LAcambra ng DOLE ang pamamahagi katuwang si Bise Gob. Pimentel, ang panauhing si Major Visaya, Gov. Egay Tallado at PNP Provl. Dir. Pagaduan.

Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte
TAON 5, BLG. 9 DAET, CAMARINES NORTE ENERO 2015
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com

# Minahang Bayan inendorso na sa PMRB

Masugid na isinusulong ni Gob. Edgardo A. Tallado ang pagtatatag ng People's Small-Scale Mining Areas (PSSMA) o Minahang Bayan dito sa Camarines Norte alinsunod sa itinatakda ng Republic Act 7076 o People's Small-Scale Mining Act of 1991.

Dahil dito, inendorso ng gobernador sa Provincial Mining Regulatory Board (PMRB) ang petisyon para sa pagtatayo ng Minahang Bayan dito sa lalawigan partikular na ang mga barangay ng Luklukan Sur, Sta. Rosa Sur at San Rafael sa bayan ng Jose Panganiban, at mga barangay ng Casalugan at Palanas sa Paracale.

Sa bisa ng PMRB-CN Resolution No. 1-2015 may petsang 7 Enero 2015, ang aplikasyon ng 5 barangay para makapag-operate ng minahang bayan ay iiendorso ng PMRB sa Mines and Geosciences Bureau (MGB), Regional Office No. 5 ng Department of the Environment and Natural Resources (DENR). Ang DENR ang magsasagawa ng technical evaluation para matukoy kung ang petisyon/kahilingan nila para sa pagtatayo ng minahang bayan ay economically at technically viable.

Napagtibay ang resolusyon sa loob ng PMRB meeting na dinaluhan ni MGB Regional Director Engr. Danny Molina na nagsabing tututukan nila ang mga lugar na inindorso ni Gob. Tallado. Sa lalong madaling panahon ay isasailalim ng ahensya sa ebalwasyon ang nasabing mga lugar para sa pagtatayo ng Minahang Bayan dito sa Camarines Norte, ayon kay Engr. Pol Badiola, LGU Provincial Environment and Natural Resources Officer ng Pamahalaang Panlalawigan.

Magugunita naman na noong Marso 1, 2014, nakipagpulong si Gob. Tallado sa mga minero sa mga bayan ng Jose Panganiban at Paracale ukol sa mga usapin sa pagmimina. Doon ay hinikayat din niya ang mga opisyal ng barangay na makipagtulungan

(Sundan sa pahina 7)

# Multi Services Caravan ngayong 2015 Doble

Sa pagsisimula ng Multi Services Caravan (MSC) ngayong 2015, doble o dalawang beses sa isang linggo na ito magtutungo sa mga barangay tuwing Huwebes at Biyernes upang mas maraming barangay lalo na yung mga nasa malayong lugar ang maserbisyohan, ito ang pahayag ni Gob. Edgardo A. Tallado sa panayam sa kanya ng Radyo ng Bayan. Ikaapat na taon na ngayon ng MSC na proyekto ng pamahalaang panlalawigan na si Gob. Tallado ang nagpasimula kung saan kanyang inilapit ang gobyerno sa mga mamamayan sa mga barangay.



Sa MSC sa Barangay 3 ay isinabay ang Blessing at Turn Over ng multi-purpose hall project ng pamahalaang panlalawigan. Magkatuwang na ginugupit ni Gob. Tallado at Mayor Alex Lo Pajarillo ng Mercedes ang laso hudyat ng pasinaya. Nasa kaliwa ni Gob. Egay si Punong Brgy. Pepe King habang nakamasid ang iba pang brgy officials at mga hepe ng tanggapan sa pamahalaang panlalawigan

Sa buwan ng Enero nagtungo ang MSC sa 24 na barangay sa 2nd district ng lalawigan, noong Enero 8 sa Brgy Binatagan, Guinatungan at Plaridel ng Bayan ng Basud; Enero 9 sa brgy 1, 2 at 3 sa Mercedes; Enero 15 sa brgy Angas, Tabataba at Mangcamagong sa Basud; Enero 16 sa brgy Itomang, Calintaan at Cahaban sa Talisay Enero 22 sa brgy Sto Niño, San Isidro at Sto Domingo sa Talisay; Enero 23 sa Brgy. Gubat at Borabod sa Daet at Brgy. Del Rosario sa Mercedes; Enero 29 sa Brgy. Bactas, Matnog at Mampili sa Basud at Enero 30 sa Brgy. Sabang, Sula at Cagbalogo sa Vinzons.

Sa MSC sa Barangay 3 ay isinabay ang Blessing at Turn Over ng multi-purpose hall project ng pamahalaang panlalawigan. .

Isasagawa rin ang turn-over ceremony ng dalawa pang proyekto ni Gob. Tallado sa bayan ng Basud: ang farm to market road sa Matnog at covered court sa Bactas.

Sa buwan ng Pebrero, tutungo naman ang MSC sa 1st district ng lalawigan. Mauuna sa iskedyul ang bayan ng Jose Panganiban sa barangay Calero, Parang at Sta. Rosa Sur. Susundan ng Labo sa Bagong Silang 1, 2 at 3.

Noong Enero 21, isang special caravan

(Sundan sa pahina 7)